

DOST at DTI magkatuwang na palalakasin ang mga produkto ng MSMEs sa bansa

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Saya layunin na maging mabenta sa merkado at publiko ang mga produkto ng micro, small, and medium enterprises (MSMEs), magtutulungan ang Department of Science and Technology (DOST) at Department of Trade and Industry (DTI).

Sa ginanap na "Innovation Partners: DTI and DOST Media Briefing" noong ika-5 ng Abril 2018 sa opisina ng 3M sa lungsod ng Taguig, pormal na ibinahagi ang mga detalye hinggil sa pagtutulungan ng dalawang ahensya sa pagpapalawig ng impormasyon at kaalaman sa siyensya, teknolohiya, at inobasyon sa buong bansa. Magbibigay din ito ng oportunidad na maipakilala ang mga proyekto ng DOST at DTI.

Pinangunahan nina DOST Secretary Fortunato T. de la Peña at DTI Secretary Ramon M. Lopez ang nasabing okasyon.

Ilan sa mga naging tampok sa ginanap na media briefing ay ang turn-over ceremony ng S&T Nook ng DOST sa mga Negosyo Center ng DTI. Ang S&T Nook ay isang kiosk na naglalaman ng iba't ibang mahalagang kaalaman at mga serbisyo na mayroon ang DOST.

Pumirma rin sa kasunduran ang DOST at DTI upang mailagay na sa OneStore.ph ang mga

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

DOST-NCR naghandog ng paglilinis ng sapa, paghahatid ng serbisyong S&T sa Taguig..... p3

DOST at UP palalakasin ang TBI ng mga unibersidad sa bansa p4

LarawaNews..... p4

Dalawang proyektong suportado ng DOST wagi sa Geneva Exhibition of Inventions

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII



Si Evan P. Garcia (kaliwa), ang kinatawan ng Pilipinas sa United Nations Office sa Geneva at DOST-TAPI Director Edgar I. Garcia (gitna) habang tinatanggap ang mga gintong medalya para sa mga pinondohang R&D products ng DOST na Smart Surface at Biotek-M Dengue Aqua Kit, sa katatapos lang na 46th International Exhibition of Inventions of Geneva. (Larawan mula sa DOST-TAPI)

Nag-uwi ng mga gintong medalya ang dalawang proyektong pinondohan ng Department of Science and Technology (DOST) sa katatapos lamang na 46th International Exhibition of Inventions of Geneva (Geneva Exhibit) noong 11-15 Abril 2018.

Ang nasabing exhibit ay nilahukan ng 223 imbensyon para sa tatlong kategorya kung saan isa ang Biotek-M Dengue Aqua Kit sa 95 na nakatanggap ng gintong medalya. Samantala, kasama naman ang Smart Surface sa 20 pinarangalan ng gintong medalya na may Jury Distinction Award.

Bukod sa dalawang teknolohiyang ito, ang pangatlong entry mula sa DOST ay ang BioGro, isang biofertilizer na may plant growth-promoting bacteria na nakatutulong

maragdagan ang ani ng iba't ibang uri ng gulay, halamang-ugat at tubo; maparami ang bulaklak ng orchids; at makatulong sa pagpapatubo ng mga stem cutting ng iba pang mga ornamental plant, kamote at paminta.

Ang mga teknolohiyang ito ay nakatanggap ng tulong at suporta mula sa DOST-Technology Application and Promotion Institute (TAPI) para sa kanilang pre-commercialization at Intellectual Property Protection.

Biotek-M Dengue Aqua Kit

Ang Biotek-M Dengue Aqua Kit na nakakuha ng gintong medalya ay mula kay Dr. Raul V. Destura ng National Institutes of Health ng University of the Philippines (UP) Manila. Ito ay isang dengue diagnostic kit na kayang makaalam kung may dengue infection ang isang

sundan sa pahina 2

Dalawang proyektong ...

Mula sa pahina 1

may sakit sa loob lamang ng isang oras at kahit sa unang araw pa lamang ng pagkakasakit.

Ang mabilis at tamang resulta mula sa Biotek-M Dengue Aqua Kit ay makatutulong sa mga doktor na makapagdesisyon nang tama para sa mga pasyente, lalo na sa pagtukoy kung dengue nga ang sanhi ng pagkakasakit.

Naiba rin ang naturang kit sa iba pang mga dengue detection kit na makikita sa merkado dahil sa gamit nitong molecular technique na hindi appektado ng immunological status ng pasyente, pangunahin o sekondarya man ang impeksyon.

Ang Biotek-M ay pinondohan ng DOST-Philippine Council for Health Research and Development (PCHRD) at maaari nang mabili sa merkado sa mas murang halaga kumpara sa iba pang molecular-based dengue tests.

Ang pangunahing kliyente nito ay ang Department of Health na planong ipamahagi ang kit sa labinlimang ospital sa probinsya ng Ilocos Norte, Capiz, at Zamboanga Sibugay.

Smart Surface

Samantala, ang Smart Surface na nag-uwii ng gintong medalya at Jury Distinction Award ay isang electronic sensor system na may kakayahang gawing interactive ang kahit na anong patag na interface.

Ang naturang teknolohiya ay naimbento ni Engr. Charles Kevin A. Verdad, isang computer engineering graduate ng University of the Philippines (UP) Diliman at ni Dr. Nestor Michael C. Tiglao, isang associate professor ng Electrical and Electronics Engineering Institute, College of Engineering, UP Diliman.

Mayroon itong mga sensor at isang central controller na may kakayahang gawing 'tap sensitive' ang anumang flat surface. Ito ay maaaring dalhin kahit saan at maaaring gamitin sa mga paaralan, restawran at sa larangan ng marketing bilang interactive board, table, at wall.

Ayon sa DOST-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research

and Development (PCIEERD), makatutulong ang Smart Surface sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang learning environment sa pamamagitan ng interactive activities na nagreresulta sa mas aktibong partisipasyon at mas epektibong learning experience.

Ang International Exhibition of Inventions of Geneva ay maituturing na isa sa pinaka-importante at pinakamalaking tanghalan ng mga imbensyon sa buong mundo. Sa katunayan, dito nagsasama-sama ang mahigit 1,000 bagong imbensyon at produkto, 700 exhibitor mula sa 45 bansa, 57,000 na bisita mula sa limang kontinente, at 650 mamamahayag na nag-cover ng naturang gawain.

Ang Geneva Exhibit ay taunang isinasagawa ng Swiss Federal Government, kabilang ang pamunuan ng estado, lungsod ng Geneva, at ng World Intellectual Property Organization. **(Impormasyon mula kay Jund Rian A. Doringo, DOST-TAPI)**

Bisa ng ...

Mula sa pahina 1

produkto ng mga MSMEs na sinusupportahan ng DTI sa ilalim ng kanilang One Town, One Product o OTOP. Ang OneStore.ph ay ang kauna-unahang government e-commerce platform na dinebelop ng mga eksperto mula sa DOST-Region II. Binibigyan nito ng oportunidad ang mga lokal na produkto na maibenta sa buong bansa, maging sa iba't ibang panig ng mundo.

"Ang ganitong pagtutulungan ng dalawang ahensya (DOST at DTI) ay tunay na napapanahon, sapagkat parehas nating prayoridad na palakasin ang kakayahan ng mga MSMEs sa bansa, partikular sa mga probinsya," sabi ni DOST Sec. de la Peña.

Naniniwala naman si DTI Secretary Lopez na ang pagtutulungan ng DOST at DTI ay magbibigay-daan upang maging dekalibre at makilala sa pandaigdigang merkado ang mga produkto ng MSMEs. **(Impormasyon mula kay Mark Francis S. España, DOST-STII)**

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

RODOLFO P. DE GUZMAN
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



Masayang nagkamayan ang dalawang kalihim ng DOST at DTI sa ginanap na Turn-over Ceremony ng S&T Nook at kiosk sa opisina ng 3M Philippines sa lungsod ng Taguig. Kasama nina DOST Secretary Fortunato T. de la Peña (ikaapat mula sa kanan) at DTI Secretary Ramon M. Lopez (ikatlo mula sa kaliwa) sina DOST Undersecretary Brenda L. Nazareth-Manzano (ikalawa mula sa kaliwa), DTI Undersecretary Zenaida C. Maglaya (ikatlo mula sa kanan), DOST-Region II Director Sancho Maborang (ikalawa mula sa kanan), at 3M Philippines President at Managing Director Ariel B. Lacsamana (kanan). **(Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII)**



Hiningan ng pahayag ni Helena Reitberger, counsellor/deputy head of mission ng Embassy of Sweden sa Singapore si DOST-NCR Regional Director Jose B. Patalinjug III tungkol sa Adopt an Estero Program. Kasama rin sa litrato ang isang anak ni Reitberger. **(Larawan mula sa DOST-NCR)**

DOST-NCR naghandog ng paglilinis ng sapa, paghahatid ng serbisyong S&T sa Taguig

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*

Nakipagtulungan ang Department of Science and Technology – National Capital Region (DOST-NCR) sa lokal na pamahalaan ng lungsod ng Taguig at ilang ahensya ng gobyerno sa paglilinis ng Conga Creek para sa isang malinis, ligtas, at malusog na komunidad.

Ayon sa pagsusuri ng kalidad ng tubig nito, ang Conga Creek, na may haba na 300 metro, ay may 28 bilyong most probable number (MPN) ng coliform kada 100mL na tubig. Sinasabi sa international standards na ang katanggap-tanggap na MPN ay dapat mas mababa pa sa 1 at hindi hihigit sa 10. Dahil dito, ang polusyon sa nasabing anyong-tubig ay lagpas na sa limitasyong inilatag ng mga eksperto.

Mula rin sa nasabing pagsusuri, nasa zero o ubos na ang dissolved oxygen level ng tubig mula sa Conga Creek. Dahil dito, anumang isda o lamang-tubig ay mahihirapang mabuhay sa Conga Creek dahil kaagaw nila ang bilyong-bilyong bacteria na naninirahan din sa tubig.

Ang Conga Creek ay isa sa 48 estero na kinabibilangan ng Adopt an Estero Program ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) kasama ang iba pang ahensya ng gobyerno at ilang grupo mula sa pribadong sektor.

Bukod sa paglilinis ng Conga Creek, hatid rin ng DOST-NCR, kasama ang lokal na

pamahalaan ng lungsod ng Taguig, ang DOST-Community Empowerment thru Science and Technology (CEST). Layon ng CEST na iangat ang antas ng kabuayan ng mga komunidad sa pamamagitan ng science and technology intervention sa kalusugan at nutrisyon, malinis na tubig at sanitasyon, pangunahing edukasyon, tulong sa kabuayan, disaster risk reduction, at climate change adaptation.

Nangako naman ang ilang sektor na kasapi sa Adopt an Estero Program na susuportahan ang bawat isa sa mga kampanya sa impormasyon, edukasyon, at community mobilization. Napag-usapan din ang pagtatanim ng kawayan at ibang halaman sa gilid ng sapa, paghahanap ng alternatibong tapunan ng basura at ilan pang programa na naaayon sa panuntunang itinakda ng DENR.

Kasama rin sa Adopt an Estero Program ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), Department of Public Works and Highways, Department of Interior and Local Government, at ang Department of Health.

Kasalukuyang may 273 na estero sa Metro Manila, ayon sa MMDA. Dagdag pa nila, bihira nang makakita ng isang malinis na estero sa Metro Manila na siya namang ikinababahala ng mga environmentalist. **(Impormasyon mula kay Geraldine Bulaon-Ducusin, DOST-STII).**



Mga indibidwal mula sa iba't ibang ahensya na nagtutulong-tulong sa paglilinis ng Conga Creek. **(Larawan mula sa DOST-NCR)**

DOST at UP palalakasin ang TBI ng mga unibersidad sa bansa

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Magkatuwang na gagabayan ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development (DOST-PCIEERD) at University of the Philippines-National Engineering Center (UP-NEC) ang mga unibersidad sa bansa na makapagtayo ng epektibo at matatag na Technology Business Incubator o TBI.


Inilunsad noong 16 Abril 2018 sa UP-NEC sa Diliman sa lungsod ng Quezon ang programang HeIRIT o Higher Education Institution Readiness for Innovation and Technopreneurship. Sa ilalim nito, sasanayin ang kawani ng 22 unibersidad na magpatakbo ng operasyon ng isang TBI.

Ang TBI ay tumutukoy sa pasilidad na kung saan binibigyang oportunidad ang mga indibidwal na makabuo ng mga ideya para sa kanilang itatayong bagong negosyo sa tulong ng mga eksperto.

Tutugunan din ng naturang programa na matulungan ang mga unibersidad na makamit ang mga kinakailangang kwalipikasyon para maging isang TBI at maaaring magkaroon ng suportang pinansyal mula sa DOST-PCIEERD sa ilalim naman ng kanilang TBI Program.

Ayon kay Russell M. Pili, program manager ng DOST-PCIEERD TBI Program, layunin ng DOST na makapagtayo ng 1,000 startup companies sa loob ng limang taon, kung saan karamihan dito ay sa iba't ibang rehiyon sa bansa.

"Universities have the largest resources of talent and ideas, and it is the role of the new TBI managers to harness their talent and provide a supporting environment for future



Nasa 22 unibersidad sa bansa ang sasailalim sa programang HeIRIT ng DOST-PCIEERD at UP-NEC. (Larawan mula sa DOST-PCIEERD)

young entrepreneurs," sabi ni Pili.

Naniniwala naman si Dr. Rizalina L. de Leon, executive director ng UP-NEC, na ang paggabay sa mga propesor at mag-aaral na makabuo ng inobatibong ideya ang isa sa mahalagang kontribusyon ng mga unibersidad sa bansa.

"Universities, therefore, should ensure that its students and faculties will be successful in their innovation entrepreneurship endeavours. As enabling partners, we shall help our universities create and implement new ideas that generate value for public use," sabi ni Dr. de Leon.

Samantala, binanggit naman ni Prof. Nestor O. Rañeses, tumatayong program leader ng HeIRIT, na layunin din nito na maglinang ng mga matatagumpay na negosyante sa hinaharap at makatulong na paunlarin ang pamumuhay ng mga tao sa kani-kanilang mga lugar.

"HeIRIT is all about innovation – something different, something significantly better, and

something that will create a difference," sabi ni Dr. Rañeses.

Ang mga unibersidad na kasali sa nasabing programa ay ang: Adamson University, Bicol University, Bulacan State University, Cagayan State University, Cebu Institute of Technology, Holy Angel University, Iloilo Science and Technology University, Mapua Institute of Technology, Miriam College, Nueva Vizcaya State University, Siliman University, St. Louis University-Bagui, Technological Institute of the Philippines-Manila, Technological Institute of the Philippines-Visayas, University of Mindanao, University of San Carlos, University of Santo Tomas, University of Southeastern Philippines, University of the Cordilleras, University of the Philippines-Mindanao, Samar State University, at Mariano Marcos State University. (Impormasyon mula kay Dianne Tating, DOST-PCIEERD)

LarawaNEWS



Pinangunahan ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña ang pag-uumpisa ng ikatlong National Research and Development Conference (NRDC) noong 20 Abril 2018 na ginanap sa Philippine International Convention Center, Pasay City. Ipinagmalaki ng Kalihim ang kahalagahan ng Harmonized National R&D Agenda (HNRDA) kasabay ang pagpapakilala sa Science for Change Program ng DOST. Ang nasabing pagtitipon ay dinaluhan ng mga researcher at mga partner-stakeholder mula sa iba't ibang industriya at ahensya. Kasabay nito, kinilala rin ni Sec. de la Peña ang dalawang Pilipinong nanalo sa 46th International Exhibition of Inventions of Geneva na ginanap nitong Abril. Pagkatapos nito ay nagpakita ng kani-kanilang presentasyon ang mga nakatanggap ng grant mula sa mga programa ng Niche Centers in the Regions (NICER) at Collaborative Research and Development to Leverage Philippine Economy (CRADLE). (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla at Larawan ni Henry A. de Leon, DOST-STII).